# Ipinamumuhay ang Kautusan

Liksyon 9, Pangatlong Semestre, Agosto 23-29, 2025

## Hapon ng Sabbath Agosto 23

### Talatang Sauluhin:

“Sinabi ng Panginoon kay Moises, ‘Ganito ang sasabihin mo sa mga anak ni Israel: “Kayo ang nakakita na Ako’y nakipag-usap sa inyo mula sa langit. Huwag kayong gagawa ng mga diyos na pilak na iaagapay sa Akin ni huwag kayong gagawa para sa inyo ng mga diyos na ginto.” — Exodo 20:22, 23

“Ang Panginoon, sa pamamagitan ng gayunding propeta, ay nag-utos: ‘Talian mo ang patotoo, tatakan mo ang kautusan sa gitna ng aking mga alagad.’ (Isaias 8:16). Ang tatak ng kautusan ng Diyos ay matatagpuan sa ikaapat na utos. Sa lahat ng Sampung Utos, ito lamang ang nagbabanggit ng pangalan at titulo ng Tagapagbigay ng Kautusan. Idineklara nito na Siya ang Manlalalang ng langit at ng lupa, at dahil dito ay ipinakikita ang Kanyang karapatan na igalang at sambahin nang higit sa lahat. Kung wala ang utos na ito, walang bahagi sa Sampung Utos na nagpapakita kung kaninong awtoridad ito ibinigay. Ngunit nang palitan ng kapangyarihan ng kapapahan ang Sabbath, ang tatak ay inalis nila mula sa kautusan. Kaya’t ang mga taga-sunod ni Jesus ay tinawag na ipanumbalik ito—sa pamamagitan ng pagtataas ng Sabbath ng ikaapat na utos sa nararapat nitong kalagayan bilang alaala ng Manlalalang at tanda ng Kanyang kapangyarihan.” (GC 452.1)

“‘Sa kautusan at sa patotoo.’ Sa gitna ng iba’t ibang nagtutunggaliang doktrina at teorya, ang kautusan ng Diyos ang tanging tiyak at di-nagkakamaling pamantayan na dapat gamitin sa pagsubok sa lahat ng opinyon, doktrina, at teorya. Sabi ng propeta: ‘Kung hindi sila magsalita ng ayon sa salitang ito, tunay na walang umaga sa kanila..’ (Talata 20).” (GC 452.2)

**Linggo Agosto 24**

# Ang Alituntunin ng Tipan

---

Basahin ang Exodo 21:1–32. Anong tiyak na mga regulasyon ang ibinigay tungkol sa mga aliping Hebreo, pagpatay, at mga pinsala sa katawan?

“Upang ang mga tungkulin ng Sampung Utos ay lalong maunawaan at maipatupad, ipinagkaloob ang karagdagang mga tuntunin na nagpapaliwanag at naglalapat ng mga prinsipyo sa Sampung Utos.” (PP 310.1)

“Ang una sa mga batas na ito ay may kinalaman sa mga alipin. Noong sinaunang panahon, ang mga kriminal ay minsan ipinagbibili bilang alipin ng mga hukom; sa ilang pagkakataon, ang mga may utang ay ipinagbibili ng kanilang pinagkakautangan; at dahil sa matinding kahirapan, may mga taong napipilitang ipagbili ang kanilang sarili o ang kanilang mga anak. Ngunit ang isang Hebreo ay hindi maaaring ipagbili upang maging alipin habang buhay. Ang kanyang paglilingkod ay limitado lamang sa anim na taon; at sa ikapito, siya ay dapat palayain. Ang pagdukot ng tao, pagpatay, at pagrerebelde laban sa awtoridad ng mga magulang ay pinarurusahan ng kamatayan. Ang pagkakaroon ng mga alipin na hindi kabilang sa lahing Israelita ay pinahintulutan, subalit mahigpit na binabantayan ang kanilang buhay at pagkatao. Ang pumatay ng isang alipin ay dapat parusahan; at kung sakaling mapinsala ng kanyang amo ang isang alipin—kahit na ito’y pagkawala lamang ng isang ngipin—ito’y sapat na dahilan upang siya ay palayain.” (PP 310.2)

“Maging ang mga Israelita kalaunan ay naging mga alipin din, at ngayong sila naman ang magkakaroon ng mga lingkod, sila’y pinaalalahanang huwag magpakita ng kalupitan at pagmamalabis, gaya ng kanilang dinanas mula sa mga Egipcio na tagapagpaalipin sa kanila. Ang alaala ng mapait nilang pagkaalipin ay dapat magtulak sa kanila na ilagay ang kanilang sarili sa kalagayan ng kanilang mga lingkod, upang sila’y maging mabait at mahabagin, at makitungo sa kapwa gaya ng nais nilang maging pakikitungo sa kanila.” (PP 310.3)

“Ang mga karapatan ng mga balo at ulila ay partikular na binantayan, at iniutos ang malasakit sa kanilang mahina at kahabag-habag na kalagayan. *‘Kung iyong dalamhatiin sila sa anomang paraan, at sila'y dumaing sa akin, ay walang pagsala, na aking didinggin ang kanilang daing; At ang aking pagiinit ay magaalab, at aking papatayin kayo ng tabak; at ang inyong mga asawa ay magiging mga bao, at ang inyong mga anak ay mga ulila. Exo 22:23-24’* Ang mga dayuhan na nakisama sa Israel ay dapat ding pangalagaan laban sa pang-aapi at panliligalig. *‘At ang taga ibang lupa ay huwag mong pipighatiin sapagka't talastas ninyo ang puso ng taga ibang lupa, yamang kayo'y naging mga taga ibang lupa, sa lupain ng Egipto.’”* (PP 310.4)

“Ipinagbawal ang paniningil ng tubo mula sa mga mahihirap. Ang kasuutan o kumot ng isang dukha na kinuha bilang sangla ay dapat isauli sa kanya bago lumubog ang araw. Ang sinumang magnanakaw ay inutusang magbayad nang doble. Ipinag-utos ang paggalang sa mga hukom at pinuno, at ang mga hukom ay mahigpit na binalaan laban sa pagbabaluktot ng katarungan, pagtulong sa maling usapin, o pagtanggap ng suhol. Ang paninirang-puri at panlilibak ay ipinagbawal, at iniutos ang paggawa ng mabuti—maging sa mga personal na kaaway.” (PP 311.1)

Lunes Agosto 25

# Marami Pang Mga Batas

Basahin ang Exodo 22:16–23:9. Anong mga isyu ang tinatalakay sa mga batas na ito at paano?

“Ang ikawalong utos ay nagpaparusa sa pagdukot ng tao at pakikipagkalakalan ng alipin, at ipinagbabawal ang mga digmaan ng pananakop. Kinokondena nito ang pagnanakaw at pandarambong. Iniaatas nito ang mahigpit na katapatan maging sa pinakamaliit na detalye ng mga gawain sa buhay. Ipinagbabawal nito ang pandaraya sa kalakalan, at iniuutos ang pagbabayad ng tamang utang o sahod. Idinedeklara nito na ang bawat pagtatangkang makinabang mula sa kamangmangan, kahinaan, o kasawian ng kapwa ay itinatala bilang pandaraya sa mga aklat ng langit.” (PP 309.1)

“Ang ikasampung utos ay tumatama sa mismong ugat ng lahat ng kasalanan, na ipinagbabawal ang makasariling pagnanasa na siyang pinagmumulan ng makasalanang gawa. Ang taong sumusunod sa kautusan ng Diyos, na hindi nagpapadaig sa makasalanang pagnanasa para sa pag-aari ng iba, ay hindi kailanman magiging maysala sa paggawa ng kasamaan laban sa kanyang kapwa.” (PP 309.5)

Basahin ang Exodo 23:10–19. Anong importanteng mga usapin ang tinatalakay dito?

“Muli ay pinaalalahanan ang bayan tungkol sa banal na tungkulin ng Sabbath. Itinakda ang taunang mga kapistahan kung saan ang buong bayan ay dapat magtipon sa harapan ng Panginoon, dala ang kanilang mga handog ng pasasalamat at ang mga unang bunga ng Kanyang mga pagpapala. Ang layunin ng lahat ng mga kautusang ito ay malinaw: hindi ito bunga ng di-makatwirang pagpapasya ng Diyos, kundi lahat ay ibinigay para sa ikabubuti ng Israel. Sinabi ng Panginoon: *‘Kayo ay magiging banal na mga tao sa Akin’*—na karapat-dapat kilalanin ng isang banal na Diyos.” (PP 311.2)

“Tatlong taunang pagtitipon ng buong Israel para sa pagsamba sa santuwaryo ang iniutos. (Exodo 23:14–16). Sa loob ng ilang panahon, ang Shiloh ang naging lugar ng mga pagtitipong ito; ngunit nang maglaon ay ang Jerusalem ang naging sentro ng pambansang pagsamba, at doon nagkakatipon ang mga lipi para sa mga dakilang kapistahan.” (PP 537.1)

“Ang una sa mga kapistahang ito, ang Paskua, o kapistahan ng tinapay na walang lebadura, ay ipinagdiriwang sa buwan ng Abib, ang unang buwan ng taon ng mga Judio, na katumbas ng huling bahagi ng Marso at simula ng Abril.” (PP 537.3)

“Kasunod ng Paskua ay ang pitong araw na kapistahan ng tinapay na walang lebadura. Ang una at ikapitong araw ay mga araw ng banal na pagtitipon, kung kailan walang gawaing pagkaalipin ang dapat gawin.” (PP 539.6)

“Pagkalipas ng limampung araw mula sa pag-aalay ng mga unang bunga, ipinagdiriwang ang Pentecostes, na tinatawag ding kapistahan ng pag-aani at kapistahan ng mga sanlinggo. Bilang pagpapahayag ng pasasalamat sa butil na inihanda bilang pagkain, dalawang tinapay na may pampaalsa ang inihahandog sa harap ng Diyos. Ang Pentecostes ay tumatagal lamang ng isang araw, at ito ay inilalaan sa relihiyosong paglilingkod.” (PP 540.1)

“Sa ikapitong buwan ay ginaganap ang Kapistahan ng mga Tabernakulo, o kapistahan ng pag-aani. Ang kapistahang ito ay pagkilala sa kasaganaan ng Diyos sa mga bunga ng halamanan, ng puno ng olibo, at ng ubasan. Ito ang pinakatampok at pinakamalaking kapistahan ng buong taon.” (PP 540.2)

**Martes Agosto 26**

# Ang Orihinal na Plano ng Diyos

Basahin ang Exodo 23:20–33. Anong mga pamamaraan ang nais gamitin ng Diyos sa pagsakop sa Lupang Pangako?

“Nang una silang inutusan na pumasok sa Canaan, mas madali sana ang gawaing iyon kaysa sa ngayon. Ipinangako ng Diyos sa Kanyang bayan na kung kanilang susundin ang Kanyang tinig, Siya mismo ang mangunguna at makikipaglaban para sa kanila; at magsusugo rin Siya ng mga putakti upang paalisin ang mga naninirahan sa lupain. Noon, hindi pa lubos na nagigising ang takot ng mga bansa, at kakaunti lamang ang kanilang naging paghahanda upang hadlangan ang pagpasok ng Israel. Ngunit ngayong muling iniutos ng Panginoon na sila’y sumulong, kinakailangan nilang humarap sa mapagmatyag at makapangyarihang mga kaaway, at makipaglaban sa malalaking hukbo na bihasa sa digmaan at matagal nang naghanda upang hadlangan ang kanilang paglapit.” (PP 436.4)

“Sa kanilang pakikipagdigma laban kina Og at Sihon, muling dinala ang Israel sa parehong pagsubok na minsan ay lubos na ikinabigo ng kanilang mga magulang. Ngunit sa pagkakataong ito, mas mabigat ang pagsubok kaysa noong una silang inutusan ng Diyos na sumulong. Ang mga hadlang na kanilang kinaharap ay lalo pang dumami mula nang tanggihan nila ang una Niyang utos. Ganyan sinusubok ng Diyos ang Kanyang bayan. At kung sila’y nabigo sa pagsubok, muli Niya silang dinadala sa kaparehong kalagayan, ngunit sa ikalawang pagkakataon, ang pagsubok ay mas malapit at mas mabigat kaysa sa una. Paulit-ulit itong nangyayari hanggang sila’y magtagumpay; ngunit kung patuloy silang magmamatigas, inaalis ng Diyos ang Kanyang liwanag at iniiwan silang nasa kadiliman.” (PP 437.1)

“Ngayon ay naalaala ng mga Hebreo kung paanong minsan, nang sila’y lumaban, ay nagdanas sila ng malaking pagkatalo at libu-libo ang napatay. Ngunit noon ay lumabas sila laban mismo sa utos ng Diyos—wala si Moises na hinirang ng Diyos bilang pinuno, wala ang haliging ulap na tanda ng banal na presensya, at wala ang kaban. Ngunit ngayon, kasama nila si Moises na nagbibigay ng lakas ng loob sa pamamagitan ng mga salita ng pag-asa at pananampalataya; kasama nila ang Anak ng Diyos, na nakaluklok sa haliging ulap, at kasama nila ang kaban ng tipan sa gitna ng hukbo. Ang karanasang ito ay may mahalagang aral para sa atin. Ang makapangyarihang Diyos ng Israel ay Siya ring ating Diyos ngayon. Sa Kanya tayo makapagtitiwala, at kung susundin natin ang Kanyang mga utos, kikilos Siya para sa atin nang may kaparehong kapangyarihan tulad ng ginawa Niya noon para sa Kanyang bayan. Ang bawat isa na taos-pusong nagnanais lumakad sa landas ng tungkulin ay makararanas ng mga pagsubok, mga oras ng matinding pagdududa at kawalan ng pananampalataya. May mga pagkakataon na tila nasasarhan ng napakalalaking hadlang ang daraanan, mga hadlang na nakapanghihina ng loob ng mga madaling panghinaan ng kalooban. Ngunit sinasabi ng Diyos: *Magpatuloy ka. Gawin mo ang iyong tungkulin anuman ang halaga.* Ang mga kahirapang tila napakalaki at nakakatakot ay maglalaho habang ikaw ay nagpapatuloy sa landas ng pagsunod, na may mapagpakumbabang pagtitiwala sa Diyos.” (PP 437.2)

**Miyerkules Agosto 27**

# Mata sa Mata

Basahin ang Mateo 5:38–48. Paano ipinapaliwanag ni Jesus ang kahulugan ng batas ukol sa pagganti? Paano natin isasabuhay ito ngayon?

“Araw-araw ay lalong lumalalim sa puso ng mga tao ang pagnanais na makalaya mula sa pamatok ng Roma. Lalo na sa mga taga-Galilea, na kilala sa kanilang magaspang na pamumuhay, laganap ang diwa ng paghihimagsik. Sa Capernaum, isang bayan sa hangganan, nakatalaga ang isang garison ng mga sundalong Romano. Kaya’t habang nagtuturo si Jesus, ang tanawin ng mga sundalong ito ay laging nagpapaalala sa mga tao ng mapait na kahihiyan ng Israel. Sa gayon, sabik silang nakatingin kay Cristo, umaasa na Siya na ang magpapabagsak sa kapalaluan ng Roma.” (MB 69.2)

“Ngunit malungkot na tinitingnan ni Jesus ang mga mukhang nakatuon sa Kanya. Nakikita Niya ang espiritu ng paghihiganti na nakaukit ng malalim sa kanilang mga puso, at batid Niya ang matinding pananabik nilang magkaroon ng kapangyarihan upang durugin ang kanilang mga tagapighati. Sa kalungkutan ay winika Niya: ‘Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, Huwag kayong makilaban sa masamang tao: kundi sa sinomang sa iyo'y sumampal sa kanan mong pisngi, iharap mo naman sa kaniya ang kabila.’” (MB 70.1)

“Ang mga salitang ito ay hindi bago kundi pag-uulit ng turo sa Lumang Tipan. Totoong sinabi sa kautusan: ‘Mata sa mata, ngipin sa ngipin’ (Levitico 24:20), ngunit iyon ay isang batas sibil upang igawad ng mga hukuman, hindi para sa personal na paghihiganti. Walang sinuman ang pinahihintulutang gumanti para sa sarili, sapagkat malinaw ang salita ng Panginoon: ‘Huwag mong sabihin, Aking gagantihan ng kasamaan.’ ‘Huwag mong sabihin, gagawin kong gayon sa kaniya na gaya ng ginawa niya sa akin’ ‘Huwag kang magalak pagka ang iyong kaaway ay nabubuwal.’ ‘Kung ang napopoot sa iyo ay gutom, bigyan mo siya ng tinapay upang makakain; at kung siya’y nauuhaw, bigyan mo siya ng tubig upang makainom.’” (Mga Kawikaan 20:22; 24:29, 17; 25:21, 22). (MB 70.2)

“Ang buong makalupang buhay ni Jesus ay isang buhay na nagpapakita ng prinsipyong ito. Siya’y bumaba mula sa langit upang dalhin ang tinapay ng buhay sa mga taong itinuturing Siyang kaaway. Mula pa sa duyan hanggang sa libingan, Siya’y sinundan ng paninirang-puri at pag-uusig, ngunit ang Kanyang tugon ay pawang pag-ibig at pagpapatawad. Sa pamamagitan ng propetang si Isaias ay ipinahayag Niya: ‘Aking ipinain ang aking likod sa mga mananakit, at ang aking mga pisngi sa mga bumabaltak ng balbas; hindi ko ikinubli ang aking mukha sa kahihiyan at sa paglura.’ ‘ Siya'y napighati, gayon man nang siya'y dinalamhati ay hindi nagbuka ng kaniyang bibig; gaya ng kordero na dinadala sa patayan, at gaya ng tupang nasa harap ng mga manggugupit sa kaniya ay pipi, gayon ma'y hindi niya binuka ang kaniyang bibig.’ (Isaias 50:6; 53:7). At mula sa krus ng Kalbaryo, patuloy na umaalingawngaw sa lahat ng panahon ang Kanyang panalangin para sa mga pumatay sa Kanya at ang Kanyang mensahe ng pag-asa para sa magnanakaw na naghihingalo.” (MB 71.1)

**Huwebes Agosto 28**

# Paghihiganti

---

“Mga minamahal, huwag ninyong ipaghiganti ang inyong sarili, kundi ipaubaya iyon sa galit ng Diyos; sapagkat nasusulat, 'Akin ang paghihiganti; Ako ang gaganti, sabi ng Panginoon.' " (Roma 12:19; tingnan din ang Deuteronomio 32:35).

Anong pangako at utos ang matatagpuan sa mga talatang ito, at paano malapit na magkakaugnay ang mga ito?

"Ang lahat ng usaping may kinalaman sa iglesia ay dapat lutasin sa loob mismo nito. Kapag ang isang Cristiano ay inabuso, siya ay dapat magtiis nang may pagtitiyaga; kung siya ay nadaya, hindi niya dapat idulog ito sa hukuman ng tao. Mas mabuti pang siya ay magdusa ng kawalan at kawalang-katarungan." – 3SM 299.3

"Ang Diyos ang haharap sa di-karapat-dapat na kasapi ng iglesia na nandaraya sa kanyang kapatid o sa gawain ng Diyos; hindi kailangang ipaglaban ng Cristiano ang kanyang mga karapatan. Ang Diyos ang gagawa laban doon na lumalabag sa mga karapatang ito. 'Akin ang paghihiganti; ako ang gaganti, sabi ng Panginoon.' (Roma 12:19). Itinatala ng Diyos ang lahat ng bagay na ito, at ipinahayag Niyang Siya mismo ang gaganti. Dadalhin Niya sa paghuhukom ang bawat gawa." – 3SM 300.1

Basahin ang Mateo 6:4, 6; Mateo 16:27; Lucas 6:23; at 2 Timoteo 4:8. Ano ang sinasabi ng mga talatang ito tungkol sa kung paano itinuring ni Jesus ang mga prinsipyo ng gantimpala at kaparusahan?

"Ang mga tapat na nagsasaliksik sa Diyos nang lihim, na nagsasabi sa Kanya ng kanilang mga pangangailangan at taimtim na dumadalangin para sa tulong, ay hindi mananalangin nang walang kabuluhan. 'Ang iyong Ama na nakakikita sa lihim ay gagantihin ka..' Kapag ginawa nating araw-araw na kasama si Cristo, mararamdaman natin na ang mga kapangyarihan ng di-nakikitang sanlibutan ay nasa paligid natin; at sa patuloy na pagtingin kay Jesus, tayo ay magiging katulad ng Kanyang wangis. Sa ating pagmamasid, tayo ay nababago. Ang ating pagkatao ay napapahinuhod, nalilinis, at pinayayaman para sa kaharian ng langit. Ang tiyak na bunga ng pakikipag-ugnayan at pakikisama sa ating Panginoon ay ang paglago sa kabanalan, kalinisan, at kasigasigan. Ang ating pagkaunawa sa panalangin ay lalong lalalim at lalawak. Tayo ay tumatanggap ng maka-Diyos na edukasyon, at ito ay makikita sa isang masipag, masigasig, at banal na pamumuhay." – MB 85.1

"Ang kaluluwang lumalapit sa Diyos upang humanap ng tulong, lakas, at kapangyarihan sa pamamagitan ng taimtim na araw-araw na panalangin ay magkakaroon ng marangal na hangarin, malinaw na pagkaunawa sa katotohanan at tungkulin, mataas na layunin sa pagkilos, at walang tigil na pagkauhaw at pagkagutom sa katuwiran. Sa pamamagitan ng patuloy na pakikipag-ugnay sa Diyos, magkakaroon tayo ng kakayahang maipamahagi sa iba, sa ating pakikisalamuha, ang liwanag, kapayapaan, at kapanatagang naghahari sa ating mga puso. Ang lakas na nakukuha mula sa panalangin, kapag isinama sa masigasig na pagsasanay ng isipan tungo sa maingat at maayos na pag-iisip, ay naghahanda sa atin para sa mga tungkulin araw-araw at nagpapanatili ng kapayapaan ng espiritu sa lahat ng pagkakataon." – MB 85.2

**Biyernes Agosto 29**

# Karagdagang Kaisipan

"Kapag itinakwil ng tao ang kautusan ng Diyos, hindi nila nauunawaan ang bigat ng kanilang ginagawa. Ang kautusan ng Diyos ay malinaw na salamin ng Kanyang likas. Nakasusuma rito ang mga alituntunin ng Kanyang kaharian. Ang sinumang tumatanggi sa mga alituntuning ito ay inilalagay ang kanyang sarili sa labas ng daluyan ng pagpapala ng Diyos." – COL 305.3

"Ang maluwalhating mga pangakong inihanda para sa Israel ay matatamo lamang sa pamamagitan ng pagsunod sa mga utos ng Diyos. Gayundin sa atin ngayon, ang parehong kadakilaan ng karakter, ang kapunuan ng pagpapala—pagpapala para sa isipan, kaluluwa, at katawan; pagpapala sa tahanan at bukirin; pagpapala para sa buhay na ito at sa darating pa—ay matatamo lamang sa pamamagitan ng pagsunod." – COL 305.4

"Sa espirituwal na larangan, gaya rin sa pisikal na mundo, ang pagsunod sa mga kautusan ng Diyos ang batayan ng mabungang pamumuhay. Kapag tinuturuan ng mga tao ang iba na huwag pansinin ang Kanyang mga utos, sila'y nagiging hadlang upang ang mga ito ay magbunga para sa kaluwalhatian ng Diyos. Sa gayon, nagkakasala sila dahil sa pag-aalis ng mga bungang nararapat sa Panginoon mula sa Kanyang ubasan." – COL 305.5

"Sa utos ng Panginoon, dumarating sa atin ang Kanyang mga sugo. Tulad ni Cristo, hinihingi nila ang pagsunod sa salita ng Diyos. Inihahayag nila ang Kanyang karapatan sa mga bunga ng ubasan—mga bunga ng pag-ibig, pagpapakumbaba, at paglilingkod na may sakripisyo. Ngunit hindi ba't gaya ng mga pinunong Judio noon, marami ring katiwala ng ubasan ngayon ang nagagalit kapag ipinapahayag ang karapatan ng kautusan ng Diyos? Hindi ba't ginagamit ng ilang guro ang kanilang impluwensya upang hikayatin ang mga tao na tanggihan ito? Ang ganitong mga guro ay tinatawag ng Diyos na mga di-tapat na lingkod." – COL 306.1

**"Ang mga salita ng Diyos sa Israel noong unang panahon ay nananatiling mahigpit na babala para sa iglesia at sa mga pinuno nito ngayon. Tungkol sa Israel, sinabi ng Panginoon: 'Sinulat ko para sa kaniya ang sangpung libong bagay ng aking kautusan; kanilang inaring parang katuwang bagay.' (Oseas 8:12). At sa mga saserdote at guro ay sinabi Niya: 'Ang aking bayan ay nasira dahil sa kakulangan ng kaalaman: sapagka't ikaw ay nagtakuwil ng kaalaman, akin namang itatakuwil ka ... yamang iyong nilimot ang kautusan ng iyong Dios, akin namang kalilimutan ang iyong mga anak.' (Oseas 4:6)." – COL 306.2

"Pababayaan ba nating hindi pakinggan ang mga babala ng Diyos? Palalampasin ba natin ang mga pagkakataon ng paglilingkod nang walang pakinabang? Hahayaan ba nating ang paghamak ng sanlibutan, ang pagmamataas ng sariling kaisipan, at ang pagsunod sa mga kaugalian at tradisyon ng tao ang pumigil sa mga nagpapahayag na tagasunod ni Cristo na maglingkod sa Kanya? Itatakwil din ba nila ang salita ng Diyos gaya ng pagtakwil ng mga pinunong Judio kay Cristo? Nasa harap natin ang mapait na bunga ng kasalanan ng Israel. Tatanggapin ba ng iglesia ngayon ang babala at matututo?" – COL 306.3

**Para sa karagdagang pag-aaral, maaaring tumawag o makipag-ugnayan lamang po sa:**

**WhatsApp: (+63)961-954-0737**

**contact@advancedsabbathschool.org**